

Hanapin ang iyong Lugar ng Botohan

Ang kinalalagyan ng iyong lugar ng botohan ay maaaring magbago sa pagitan ng mga halalan. Tingnan ang likod ng iyong patnubay na impormasyon para sa botante ng county para sa lokasyon ng iyong lugar ng botohan. Mahahanap mo rin ang iyong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pagtawag sa opisina sa mga halalan ng iyong county o sa Nakahandang Linya ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o bisitahin ang <https://voterstatus.sos.ca.gov> o i-text ang 'Vote' sa 'govote'.

Mga Resulta ng Halalan

Gustong makita ang mga resulta ng halalan habang pumapasok ang mga ito? Kumuha ng pinakahuling bilang ng mga boto sa pambuong-estadong mga halalan vote.sos.ca.gov o sa Twitter sa pamamagitan ng pagsunod sa @CASOSvote. Magpatala online para sa E-updates sa <https://goo.gl/BB7zb4>

Impormasyon para sa Botante sa 10 Wika

Bisitahin ang www.sos.ca.gov/elections/voting-california o tawagan ang isa sa walang-bayad na nakahandang mga numero ng linya para sa botante na nasa ibaba.

Mga Nakahandang Linya sa Botante

English (800) 345-VOTE (8683)

Español / Spanish (800) 232-VOTA (8682)

中文 / Chinese (800) 339-2857

हिंदी / Hindi (888) 345-2692

日本語 / Japanese (800) 339-2865

ខ្មែរ / Khmer (888) 345-4917

한국어 / Korean (866) 575-1558

Tagalog (800) 339-2957

ไทย / Thai (855) 345-3933

Việt ngữ / Vietnamese (800) 339-8163

TTY / TDD (800) 833-8683



Ika-5 ng Hunyo

Pambuong-estadong
Tuwirang Primaryang
Halalan

Ika-6 ng Nobyembre

Pangkalahatang
Halalan

Ang mga lugar ng
botohan ay bukas mula

7:00 a.m. hanggang

8:00 p.m.

sa Araw ng Halalan



California Secretary of State Alex Padilla

(800) 339-2957



californiasos



casosvote



californiasos_



californiasos

Magparehistro para Makaboto

Upang magparehistro para makaboto sa California, ikaw ay dapat na:

Isang mamamayan ng Estados Unidos at residente ng California;

18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Halalan;

Kasalukuyang hindi nakabilanggo sa isang pang-estado o pederal na bilangguan o parolado para sa isang napatunayang peloni, at

Kasalukuyang hindi ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan upang bumoto.

Maaari kang mag-aplay online sa www.RegisterToVote.ca.gov o kumuha ng aplikasyon sa mga tanggapan ng koreo, aklatan at ilang opisina ng pamahalaan. Sa karamihan ng mga kaso ikaw ay dapat magparehistro 15 araw o higit bago ang Araw ng Halalan upang magiging karapat-dapat bumoto sa halalang iyon.

Kung hindi ka umabot sa huling araw ng pagpaparehistro, maaari kang may-kondisyong magparehistro para makaboto at bumoto. Kontakin ang opisyal sa mga halalan ng iyong county para sa karagdagang impormasyon. Ikaw ay dapat na muling magparehistro para makaboto kung ikaw ay lumipat, o nagpalit ng iyong pangalan o kinakatigang partidong pampulitika.

Maagang Magparehistro

Upang maagang magparehistro para makaboto sa California, ikaw ay dapat na:

- 16 o 17 taong gulang, at
- Nakatutugon sa lahat ng ibang mga iniaatas sa pagiging karapat-dapat para makaboto.

Ikaw ay awtomatikong irerehistro para makaboto sa iyong ika-18 kaarawan.

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Magagawa ng sinumang nakarehistrong botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo sa California. Kumpletuhin ang aplikasyon para sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa iyong Patnubay na Impormasyon para sa Botante, humanap nito sa www.sos.ca.gov, o kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county. Ang iyong kinumpletong aplikasyon ay dapat dumating sa opisina sa mga halalan ng iyong county nang hindi kukulangin sa pitong araw bago sumapit ang Araw ng Halalan.

Upang masiguro na ang iyong binotohang balota ay maihahatid bago lumampas ang itinakdang huling-araw, ang iyong binotohang balota ay dapat magkaroon ng tatak-pangkoreo sa o bago ang Araw ng Halalan at dapat matanggap ng opisina sa mga halalan ng iyong county nang hindi mas huli kaysa tatlong araw pagkaraan ng Araw ng Halalan.

Lahat ng mga nakarehistrong botante sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, Sacramento, at San Mateo ay tatanggap ng isang ipinakokoreong balota 28 araw bago ang isang halalan. Ang mga botante sa limang county na ito ay ay maaari na ngayong magpasiya kung gusto nilang bomoto sa alinmang Sentro ng Pagboto sa kanilang county hanggang 10 araw bago ang Araw ng Halalan, sa pamamagitan ng koreo, o sa isang ligtas na lokasyon ng kahong hulugan ng balota. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county, o pumunta online sa www.sos.ca.gov/elections/voters-choice-act.

Pansamantalang Balota

Kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan sa lugar ng botohan, ikaw ay may karapatang bumoto sa pamamagitan ng isang pansamantalang balota sa county kung saan ikaw ay nakarehistro para makaboto. Ang iyong pansamantalang balota ay ibibilang lamang pagkatapos kumpirmahin ng opisyal sa mga halalan na ikaw ay isang nakarehistrong botante at hindi ka pa nakaboto sa halalang iyon. Ang manggagawa sa botohan ay makakapagbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung paano aalamin kung ang iyong pansamantalang balota ay ibinilang at, kung ito ay hindi ibinilang, ang dahilan kung bakit. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong katayuan bilang botante, bisitahin ang <https://voterstatus.sos.ca.gov>

Impormasyon sa Balota

Ang mga nakarehistrong botante ay tumatanggap ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa koreo ilang linggo bago sumapit ang Araw ng Halalan. Ang mga opisyal sa mga halalan ng county ay nagpapakoreo ng isang patnubay na impormasyon para sa botante ng county. Sa mga di-partidistang patnubay na ito ay kabilang ang impormasyon tungkol sa mga panukala sa balota, mga kandidato, mga karapatan sa pagboto at iba pa.

IKA-5 NG HUNYO | PAMBUONG-ESTADONG TUWIRANG PRIMARYANG HALALAN

Magparehistro para makaboto bago lumampas ang Ika-21 ng Mayo
May-kondisyong Pagpaparehistro
ng Botante Ika-22 ng Mayo hanggang Ika-5 ng Hunyo
Humiling ng isang balota ng pagboto sa
pamamagitan ng koreo bago lumampas ang Ika-29 ng Mayo
Ibalik ang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
(Dapat magkaroon ng tatak-pangkoreo bago ang) Ika-5 ng Hunyo

IKA-6 NG NOBYEMBRE | PANGKALAHATANG HALALAN

Magparehistro para makaboto bago lumampas ang Ika-22 ng Okt
May-kondisyong Pagpaparehistro
ng Botante Ika-23 ng Okt hanggang Ika-6 ng Nob
Humiling ng isang balota ng pagboto sa
pamamagitan ng koreo bago lumampas ang Ika-30 ng Okt
Ibalik ang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
(Dapat magkaroon ng tatak-pangkoreo bago ang) Ika-6 ng Nob

UPANG MAHANAP
ANG IYONG LUGAR
NG BOTOHAN

★ ★ ★ ★ ★
I-TEXT ANG VOTE SA
GOVOTE

RegisterToVote.ca.gov

